
tansong LAWIN
IKA-10 labas
ANG Nakaraan
DAHIL SA PANGAMBA NI MANG ANDRO NA PAKASAL SI LUMEN KAY DON GUSTAVO, SA KABILA NG KAWALAN NG PAG-IBIG NG DALAGA SA MATANDA AY PALIHIM NIYANG PINUNTAHAN SI MARIO UPANG SA TULONG NITO AY HUWAG MATULOY ANG MAAARING GAWIN NI LUMEN...
KINAUMAGAHAN KINAUSAP NI MARIO SI LUMEN SAMANTALANG PATUNGO ITO SA ILOG UPANG MAGLABA...
KUNG GUSTO MO AKONG KAUSAPIN AY BAKIT MAMAYANG GABI PA ? BAKIT HINDI PA NGAYON ? PINANANABIK MO PA AKO...
HINDI SA GANOON... KAYA LAMANG, ANG AKING SASABIHIN AY HINDI ANGKOP SA PAGKAKATAONG ITO...
Katha at Guhit ni REDONDO
KAYA ANG SASABIHIN NITO ?... TUNGKOL KAYA KAY DON GUSTAVO ?... IBINALITA AYA SA KANYA NI TATANG ANG BAGAY
SAAN TAYO MAGKIKITA...?
MAGSASADYA AKO SA INYO...
KINAGABIHAN...
MABUTI YATA'Y DOON TAYO SA LABAS... MASYADONG MAALINSANGAN DITO...
OO, NGA, TAYO NA...


NANG MAKAPANAOG NA ANG DALAWA...
HINDI AKO NAKALILIMOT...
LUMEN, HINDI NA AKO MAGPAPALIGUY-LIGOY... MARAHIL, NATATANDAAN MO PA ANG SUMPAAN NATING KAHIT NA ANO'NG MANGYARI, TAYONG DALAWA'Y MANANATILING NAGMAMAHALAN AT PAGDATING NG ARAW AY PAKAKASAL TAYO.!.
—NANGANGAMBA AKONG BAKA HINDI MATUPAD ANG SUMPAAN NATING IYAN... 'PAGKA'T SA KATOTOHANAN AY MALAKI ANG AGWAT SA KABUHAYAN NINA MARIO AT DON GUSTAVO ARAGON...
MARIO,! NALALAMAN MO NA ?!
OO, TALOS KO NA... NGUNI'T HINDI KITA SISISIHIN KUNG SAKALI'T MAGING MAGKAPALAD KAYO NI DON GUSTAVO... SINO ANG MAKAPAGSASABI, BAKA KUNG AKO ANG NASA LAGAY MO AY GANYAN DIN ANG GAWIN KO...
HUWAG KANG MAGSALITA NG GANYAN...
HALOS PAANAS NA NAGPATULOY ANG DALAGA...
MARIO, INIIBIG KITA... PINAKAIIBIG KITA... NGUNI'T HIGIT SA KALIGAYAHAN KO AY HIGIT NA MAHALAGA ANG TUNGKULIN KO KAY TATANG...
AT INAAKALA MONG MAKATUTUPAD KA SA TUNGKULING IYAN SA PAMAMAGITAN NI DON GUSTAVO ?
AT SA BIGLANG SIMBUYO NG PAGDARAMDAM AY SINUNDAN NI MARIO ANG KANYANG SINABI NG MGA PANGUNGUSAP NA MATAPOS NIYANG SABIHIN AY AGAD NIYANG PINAGSISIHAN...!
HINDI KO AKALAING DARATING ANG ARAW NA MASISILAW KA SA KISLAP NG SALAPI.! AT HUWAG MO NANG IDAHILAN ANG IYONG AMA... HINDI SIYA UHAW SA URI NG KARIWASAANG NASASA ISIP MO.!
NASAKTAN SI LUMEN SA MGA SINABING IYON NG BINATA... NANGINGINIG NIYANG NILAPITAN ITO, AT...
LAPASTANGAN.!
SPLAK
NANLILISIK ANG MGA MATA NI LUMEN NA NAGSALITA...
IKAW NA RIN ANG BUMUO SA AKING PASIYA SA SINABI MONG IYAN.! PAKAKASALAN KO SI DON GUSTAVO... NAIINTINDIHAN MO? PAKAKASALAN KO.!
HINDI NA KAYA MAGBAGO ANG PASIYA NI LUMEN? TULUYAN NA KAYA SILANG MAGKAHIWALAY NI MARIO?
ITUTULOY